

TIPANANG PANALANGIN *ng Mga Bata*

BIYAYA Mahal na Amang nasa sa langit, salamat sa iyong pagmamahal at ginawa mo akong maging Iyong anak.

PAGMAMAHAL Tulungan mo akong mahalín at sundin Ka.

HABAG Tulungan mo akong mahalín ang iba tulad ng pagmamahal mo sa akin.

PAGSISISI Patawarin mo ako at linisin sa aking mga kasalanan.

PAGSAMBA Pupurihin Kita nang buong puso!

PAGSUNOD Jesus, nais kong sumunod sa iyo bilang aking Panginoon. Baguhin mo ako ayon sa Iyong kagustuhan.

PAGTITIWALA Puspusin mo ako ng Banal na Espiritu. Nais kong malaman ang plano mo sa akin.

IMPLUWENSYA Gawin mo akong maging mensahero ng iyong ng iyong biyaya, katotohanan at katarungan.

PAGDIDISIPULO Gamitin mo ako para Ikaw ay maluwalhati at imbitahan ang iba na sumunod sa Iyo.

KAPANGYARIHAN Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking dalangin. Amen.

SAMASAMANG PAGSUNOD KAY JESUS
theprayercovenant.org/kids

SASAULUHING SITAS

Talinghaga ng Nawalang Tupa • Lucas 15:1-7 | Masdan ninyo kung gaanong pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Dios. —1 Juan 3:1

Ang kuwento ni Abraham • Genesis 12:1-5 | At sinabi sa kaniya, Ibiging mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo. —Mateo 22:37, 38

Ang Mabuting Samaritano • Lucas 10:25-37 | Ito ang aking utos, na kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa, na gaya ng pag-ibig ko sa inyo. —Juan 15:12

Talinghaga ng Di-mapagpatawad na Alipin • Mateo 18:21-35 | Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan, At linisin mo ako sa aking kasalanan. —Mga Awit 51:2

Ang Pasko • Lucas 2:1-20 | Ako'y magpapasalamat sa Panginoon ng aking buong puso; aking ipakikilala ang lahat na iyong kagilagilalas na mga gawa. —Mga Awit 9:1

Hindi Perpekto si Pedro • Lucas 22:54-62 | At sinabi niya sa lahat, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. —Lucas 9:23

Ang Mang-aaliw • Juan 14:15-31 | Kayo'y mangapuspos ng Espiritu. —Efeso 5:18b

Si Jesus at ang mga Bata • Mateo 18:1-6 | At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin, at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan. —Juan 1:14.

Naging Pablo si Saulo na Taga Tarsus • Mga Gawa 9:1-22 | Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. —Mateo 28:19

Si Bartimaeus na Bulag • Marcos 10:46-52 | Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at Siya'y binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. —Filipos 2:9

©2019 The Prayer Covenant Inc. All rights reserved



FIND US ON

YouVersion



Campus Crusade for Christ
SOUTHEAST ASIA

southeastasiachildrendisc@gmail.com

